REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 37

KAPASIYAHAN PARA SA PAGPAPAAYOS NG BARANGAY PLAZA NG BULI NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNAPU'T LIMANG LIBO TATLONG DAANG PISO (₱65,300.00).

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, isa sa mga layunin ng Sangguniang Bayan ay mapanatili at maisaayos ang kagandahan ng kapaligiran ng ating bayan;

SAPAGKAT, ang Barangay Plaza ay madalas na pinagdadausan ng iba't-ibang klase ng palakasan upang mapanatili ang kalusugan ng katawan at maiiwas ang mga kabataan sa masasamang bisyo;

SAPAGKAT, Ang Barangay Plaza ay pinagdadausan din ng mga pasinaya, mga kasayahan at mga pagpupulong;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang estado ng Barangay Plaza ay maraming sira na mangangailangan ng pagkumpuni upang maiwasan ang sakuna sa mga gagamit nito.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay nagkaisa para sa pagtatakda ng salaping gugugulin sa pagpapaayos ng Barangay Plaza sa Buli, Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa halagang ANIMNAPU'T LIMANG LIBO TATLONG DAANG PISO (₱65,300.00)

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan sa kanilang pangdalawampu't isang (21st) Pangkaraniwang Pulong na ginanap noong ika-11 ng Hulyo, 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO :

Atty. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Hulyo 11, 1988

RRC:vts